TALÓS
ISSN : Applied
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI:

Antas ng Kasanayan sa Pagbasa sa Wikang Filipino ng mga Banyagang Mag-Aaral: Batayan sa Pagbuo ng Interbensyong Materayl sa Pagbasa

Marissa R. Alcantara
World Language Tagalog Teacher, Jefferson High School, Daly City, California, USA

Abstrak: Layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga banyagang mag-aaral sa Jefferson High School, Mission St. Daly City, California, bilang batayan sa pagbuo ng interbensyong materyal. Nakabatay ang pag-aaral sa mga pananaw ng *Phonics Approach, Whole Language Theory, top-down at bottom-up approaches, Interactive Theory,* at *Schema Theory*, at konseptuwal na inayos sa Input-Process-Output (IPO). Gumamit ito ng kwantitatibong disenyo at *total population sampling* na kinasasangkutan ng 65 mag-aaral mula sa Filipino Language Lebel 1 at Lebel 2. Talatanungan at mga pagsusulit sa pagbasa ang ginamit, kasama ang minodipikang pamantayan mula sa Philippine Informal Reading Inventory (PHIL IRI) para sa oral na pagbasa, bokabularyo, at komprehensiyon. Ginamit sa pagsusuri ang *frequency, percentage, weighted mean,* at Analysis of Variance (ANOVA) sa 0.05 alpha level. Natuklasan na ang kasanayan sa pagbasa o pagbigkas ng salita ay nasa antas na pampagkatuto na may mean na 91.25, samantalang ang pagtukoy ng kahulugan ng salita at pag-unawa sa binasang akda ay nasa antas na malaya na may mean na 88.72 at 82.31. Ang talatuntunang kahirapan sa tatlong kasanayan ay 0.91, 0.89, at 0.81, na pawang inilarawang "Hindi Mahirap." Nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa ilang kasanayan at antas ng kahirapan ayon sa lebel, kasarian, at nasyonalismo, samantalang walang makabuluhang pagkakaiba sa iba pang propayl na sinuri. Batay sa mga natukoy na pangangailangan, nabuo ang Strategic Intervention Material (SIM) upang mapaunlad ang pagbigkas, bokabularyo, at pag-unawa sa pagbasa. Inirerekomenda ang paggamit ng SIM, regular na pagsasanay sa pagbasa, remedial na gawain, at higit na paggamit ng mga materyal at gawaing nasa wikang Filipino. Ang pag-aaral ay pangunahing kaugnay ng SDG 4 – Quality Education dahil nakatuon ito sa literasi at pagpapahusay ng suportang pampagtuturo. Nag-aambag din ito sa *educational, cultural,* at *institutional sustainability* sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino, pagpapatuloy ng paggamit ng wika sa labas ng Pilipinas, at pagbuo ng interbensiyong maaaring magamit sa pagtuturo.

Mga Susing Salita Banyagang Mag-Aaral; Interbensyong Materyal; Kasanayan Sa Pagbasa; Pagbigkas Ng Salita; Talatuntunang Kahirapan; Kulturang Pag-Unawa; Panitikan; Pagsasalin; Teknolohiya

INTRODUKSIYON

Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayang pangwika na nagbibigay-daan sa pagkuha ng kaalaman, pag-unawa sa teksto, at mabisang pakikipagtalastasan. Nagiging higit na masalimuot ang prosesong ito para sa mga banyagang mag-aaral na nag-aaral ng wikang Filipino bilang karagdagang wika sapagkat kailangan nilang matutuhan ang wastong pagbigkas, pagpapakahulugan ng mga salita, at pag-unawa sa tekstong nakasulat sa wikang hindi nila karaniwang ginagamit. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga banyagang mag-aaral sa Jefferson High School, Mission St. Daly City, California, upang makabuo ng interbensyong materyal na tutugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagbasa. Ayon kina Rasouli & Ahmadi (2021), isang komplikadong kasanayan ang pagbasa na nangangailangan ng suporta upang matagumpay na malinang. Mahalaga ito sa pagkatuto ng isang wika sapagkat kaugnay nito ang pagbigkas, pag-unawa, pagsasalita, at pakikipag-ugnayan. Nagiging partikular na mahalaga ang pagbasa para sa mga mag-aaral na nag-aaral ng Filipino bilang banyaga o *foreign language*, kabilang ang mga may lahing Pilipino ngunit hindi regular na gumagamit ng wika sa kanilang tahanan at pamayanan. Ipinakita nina Hayati, Cakiroglu at Kuruyer (2014) na ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagkilala ng salita at pagbasa nang malakas ay maaaring umunlad sa pamamagitan ng mga pampaunlad na programa at interbensiyon sa pagbasa. Sa kasalukuyang pag-aaral, nakita rin ang mga suliranin sa wastong pagbasa o pagbigkas ng salita, bokabularyo at pagpapakahulugan, at komprehensiyon ng teksto. Ang ganitong kalagayan ang naging batayan sa pagsusuri sa kasanayan sa pagbasa ng mga banyagang mag-aaral. Sa Jefferson High School, nahahati ang mga mag-aaral ng Filipino sa Lebel 1 at Lebel 2. Ang mga nasa Lebel 1 ay may bahagyang kakayahan sa pagsulat at pag-unawa ngunit nahihirapan sa pagsasalita, samantalang ang mga nasa Lebel 2 ay mas may kakayahang sumulat at umunawa ngunit limitado pa rin ang pagsasalita sa Filipino. Kaugnay nito, ipinakita ni Angeles (2015) na nakatutulong ang mga paaralan at unibersidad sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino ng mga Filipino American, bagaman nananatiling hamon ang paggamit at pagbigkas ng wika kapag hindi ito pang-araw-araw na midyum ng komunikasyon.

Isang pangunahing tema sa literatura ang antas ng kasanayan sa pagbasa at kahalagahan ng interbensiyon. Sa pag-aaral ni De Guzman (2019), nagkaroon ng pagbabago sa pagitan ng panimulang pagsusulit at panapos na pagsusulit pagkatapos gumamit ng interbensyong materyal sa pagbasa. Samantala, natuklasan ni Bartolome (2021) na nasa katamtamang antas lamang ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na kaniyang sinuri, na nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng kahirapan sa ilang aspekto ng pagbasa. Ang mga pag-aaral na ito ay nagbibigay ng batayan sa pagtataya muna sa antas ng pagbasa bago bumuo ng angkop na materyal

na interbensiyon. Mahalaga rin ang wastong pagkilala at pagbigkas ng salita. Ayon kay Yabyabin (2013), ang pagbasa ay proseso ng pagkilala at pag-unawa sa nakalimbag na impormasyon, kung saan pangunahing kasanayan ang wastong pagkilala at pagbigkas ng salita. Mula sa pag-aaral nina Quintino at Abagon (2021), lumitaw na mahalaga ang pagkilala ng salita at wastong pagbigkas bilang pundasyon ng mas mataas na kasanayan sa pagbasa. Ipinakita rin ni Angeles (2015) na ang mga Filipino American na hindi palaging gumagamit ng Filipino ay nakararanas ng kahirapan sa pagbigkas at pagbuo ng pangungusap, ngunit nakatutulong ang pormal na pagtuturo sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan. Ang bokabularyo at pagtukoy sa kahulugan ng salita ay isa pang mahalagang salik. Ayon kay Sanchez (2017), ang pagbasang may komprehensyon ay nangangailangan ng pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng interaksyon sa teksto. Sa pananaliksik ni Alonso (2013), ipinakita na ang limitadong bokabularyo ay may kaugnayan sa kahirapan sa pag-unawa sa impormasyong pasulat at pasalita. Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Gedik at Akyol (2022), na nagsaad na may positibong ugnayan ang kaalaman sa bokabularyo at tagumpay sa pagbabasa. Natuklasan din ni Afzal (2019) na maging ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Ingles ay nakararanas ng suliranin sa kahulugan, pagbigkas, paggamit, pagsasaulo, at pagbaybay ng salita. Sa konteksto ng Filipino, ipinakita ni Tolentino (2019) na nakatulong ang MS-TaLA sa pagpapaunlad ng kasanayan sa matatalinghagang salita at talasalitaan. Natuklasan naman ni Comoda (2016) na nasa kasiya-siyang antas ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa matatalinghagang salita. Samantala, ipinakita nina Ancheta at Perez (2017) na ang mga banyagang mag-aaral ay maaaring malito sa kahulugan ng mga salita at pangungusap dahil sa maraming posibleng interpretasyon sa pagsasalin mula Ingles tungo sa Filipino at kakulangan sa kaalaman sa estruktura ng wikang Filipino. Mahalaga rin ang komprehensiyon sa binasang akda. Ayon kay Smith (1980), ang pagbasa ay may aktibong ugnayan sa pagitan ng mambabasa at tekstong binabasa, samantalang binibigyang-diin ni Austerio ang pagkilala, pagkuha ng ideya, at pag-unawa sa wika ng may-akda. Ipinakita ng Cagayan State University (2022) na maraming mag-aaral ang nasa mababang antas sa interpretatibo, kritikal, at integratibong komprehensiyon. Samantala, ipinakita ng pag-aaral na "Pagpapaunlad sa Kakayahan sa Maunawang Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Grade 8 sa Pamamagitan ng Estratehyang Sama-Samang Pagkatuto (2015)," na nakatutulong ang kolaboratibong estratehiya sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasa. Lumilitaw din sa literatura ang halaga ng interbensyong materyal sa pagbasa. Ayon sa Deped Order No. 39, s. 2012, kabilang sa maaaring gamitin upang tugunan ang learning gaps ang tutorial, paggabay at independiyenteng pagsasanay, summer class o camp, at Strategic Intervention Materials. Ayon naman kay Bonitez (2021), ang SIM ay isang pantulong na estratehiya sa pagtuturo para sa mga kasanayang nangangailangan pa ng pagpapaunlad. Ipinakita rin ni Espinosa (2014) na nakatutulong ang Strategic Intervention Material-Based Instruction sa pagganap at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng mismong pag-aaral, nakatuon ang pananaliksik sa mga banyagang mag-aaral ng Jefferson High School, Mission St. Daly City, California, na kumukuha ng Filipino bilang *elective language subject*. Saklaw nito ang mga mag-aaral sa Lebel 1 at Lebel 2 na may magkakaibang antas ng kaalaman at paggamit ng wikang Filipino. Ang kabuuang populasyong tinukoy sa pag-aaral ay 65 mag-aaral. Sa pambansang konteksto ng Pilipinas, mahalaga ang pag-aaral dahil nakatuon ito sa wikang Filipino bilang pambansang wika at sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa. Ginamit ding batayan ang mga programang pang-interbensiyon ng Kagawaran ng Edukasyon, kabilang ang Strategic Intervention Material, upang matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto. Sa pandaigdigang konteksto, ipinakikita ng pag-aaral na ang Filipino ay natututuhan at itinuturo rin sa labas ng Pilipinas sa mga mag-aaral na may iba't ibang lahi at antas ng pagkakaugnay sa kulturang Pilipino. Ang pag-aaral ni Angeles (2015) sa mga Filipino American at ang mga pananaliksik ni Alonso (2013) at Afzal (2019) tungkol sa pagkatuto ng banyagang wika ay nagpapakita na ang limitadong paggamit ng target na wika, bokabularyo, at pag-unawa ay karaniwang hamon sa pag-aaral ng pangalawa o banyagang wika.

Nakabatay ang pag-aaral sa iba't ibang pananaw tungkol sa proseso ng pagbasa. Sa "Phonics Approach," binibigyang-diin ang *decoding* at ugnayan ng tunog at nakalimbag na simbolo sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng *phonological awareness*. Nakaugnay rito ang artikulo ni Pace (1986), ang akda ni Flesh (1995), at ang pananaw ni Nunan (1991) na inilalarawan ang pagbasa bilang *bottom-up* na proseso mula sa mga simbolo tungo sa pagbuo ng kahulugan. Kaiba rito, binibigyang-diin ng "Whole Language Theory" ang pag-unawa, pagpapakahulugan, at aktibong interaksyon ng mambabasa sa teksto kaysa sa *decoding* lamang. Iniuugnay ito kay Goodman (1986), gayundin kina Lev Vygotsky at B.F. Skinner na binanggit sa paglalahad ng mga pamamaraang nakaugnay sa pagkatuto ng pagbasa. Kasama rin sa teoretikal na batayan ang teoryang *top-down*, kung saan ginagamit ng mambabasa ang dating kaalaman, karanasan, at *schema* sa pag-unawa sa teksto. Kaugnay nito ang pananaw ni Smith (1944) at ang paglalarawan ni Goodman (1967) sa pagbasa bilang isang *psycholinguistic guessing game*. Sa teoryang *bottom-up*, nagsisimula naman ang pag-unawa sa tekstong nakikita bago ito maproseso ng mambabasa. Ang Teoryang Interaktibo na nakalathala sa artikulo ni Joshualyn Alexis Torneros (n.d.) ay pinagsasama ang *bottom-up* at *top-down* na proseso sapagkat ang komprehensiyon ay nagmumula sa interaksyon ng teksto at dating kaalaman ng mambabasa (McCormick, 1998). Samantala, ayon sa Teoryang Iskema, ang mga dating kaalaman ay nakaimbak bilang *schemata* at ginagamit sa pag-unawa sa bagong impormasyon (Anderson at Pearson, 1984). Konseptuwal na inayos ang pag-aaral sa paraang Input-Process-Output. Ang input ay binubuo ng demograpikong propayl, antas ng kasanayan sa pagbasa batay sa pagbigkas ng salita, pagtukoy ng kahulugan, at pag-unawa sa binasang akda, gayundin ang talatuntunang kahirapan. Ang proseso ay kinabibilangan ng talatanungan, rubriks, at mga estadistikal na pagsusuri, habang ang inaasahang output ay isang interbensyong materyal na magpapaunlad sa kasanayan ng mga banyagang mag-aaral sa pagbasa ng wikang Filipino.

Bagaman maraming pag-aaral ang tumalakay sa kasanayan sa pagbasa, bokabularyo, komprehensiyon, at paggamit ng mga interbensyong materyal, ipinakikita ng kasalukuyang pag-aaral ang pangangailangang higit na matukoy ang tiyak na kahirapan ng mga banyagang mag-aaral na natututo ng Filipino sa isang

paaralan sa ibang bansa. Partikular na mahalagang masukat ang kanilang kakayahan sa wastong pagbasa o pagbigkas ng salita, pagtukoy sa kahulugan ng salita, at pag-unawa sa binasang akda sapagkat hindi nila regular na ginagamit ang Filipino bilang pangunahing wika ng komunikasyon. Dahil dito, nilalayon ng pananaliksik na tukuyin ang demograpikong propayl ng mga mag-aaral, antas ng kanilang kasanayan sa pagbasa, talatuntunang kahirapan, at mga posibleng pagkakaiba sa kanilang kakayahan kapag pinangkat batay sa propayl. Ang mga resulta ang magiging batayan sa pagbuo ng mungkahing interbensyong materyal na nakatuon sa mga kasanayang nangangailangan ng higit na pagpapaunlad.

Ang pag-aaral ay pangunahing maiuugnay sa SDG 4 – Quality Education o De-kalidad na Edukasyon dahil nakatuon ito sa pagtataya at pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng angkop na interbensyong materyal. Ang pagtatukoy sa mga kahirapan sa pagbigkas, bokabularyo, at komprehensiyon ay maaaring magsilbing batayan sa mas angkop na pagtuturo at suportang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral na natututo ng Filipino bilang banyagang wika. Ang ugnayang ito sa SDG 4 ay nakabatay sa layunin ng pag-aaral na mapataas ang kasanayan sa pagbasa at makabuo ng materyal na tutugon sa mga natukoy na pangangailangan sa pagkatuto. Hindi sinusukat ng pag-aaral ang mismong pagkamit ng SDG, ngunit ang pokus nito sa literasi at pagpapahusay ng pagtuturo ay tuwirang naaayon sa pagsusulong ng de-kalidad na edukasyon.

May kaugnayan ang pananaliksik sa educational sustainability sapagkat naglalayong makabuo ng interbensyong materyal na maaaring patuloy na magamit ng mga guro upang tugunan ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang sistematikong pagtataya sa pagbigkas, bokabularyo, at komprehensiyon ay nagbibigay ng batayan para sa higit na angkop at pangmatagalang suportang pampagtuturo. Mahalaga rin ang pag-aaral sa cultural sustainability dahil sinusuportahan nito ang pagpapatuloy ng pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino sa labas ng Pilipinas, lalo na sa mga mag-aaral na may lahing Pilipino o iba pang nasyonalidad na kumukuha ng Filipino bilang *elective language subject*. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang kakayahang bumasa at umunawa sa Filipino, naitataguyod ang patuloy na pag-access sa wika at mga tekstong nakasulat dito. Sa aspektong institutional sustainability, maaaring magsilbing batayan ang mga resulta para sa mga guro at administrasyon sa pagbuo ng mga materyales, teknik, at interbensiyong tumutugon sa aktuwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, pinag-uugnay ng pag-aaral ang literasi, pagtuturo ng banyagang wika, pagpapanatili ng wikang Filipino, at pagbuo ng interbensyong materyal bilang magkakaugnay na ambag sa pagpapaunlad ng edukasyon.

METODOLOHIYA

A. Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong disenyo sapagkat nakabatay ito sa numerikal na datos mula sa talatanungan at pagsusulit sa pagbasa. Ang kwantitatibong pananaliksik ay ginagamit upang mangalap at magsuri ng numerikal na datos, matukoy ang mga padron at pagkakaiba, at makabuo ng pangkalahatang interpretasyon ng mga resulta (Bhandari, 2023). Inilarawan din sa orihinal na pag-aaral ang *experimental research* bilang pamamaraang nagbibigay-daan upang mapag-aralan ang sanhi at epekto sa isang tiyak na panahon (Asgari at Nunes, 2011).

B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili

Isinagawa ang pag-aaral sa Jefferson High School, Mission St. Daly City, California. Ang paaralan ay may mga mag-aaral na kumukuha ng Filipino bilang asignaturang pangwika at nahahati sa Filipino Language Lebel 1 at Lebel 2. Ang mga respondente ay binubuo ng animnapu't limang (65) mag-aaral mula ikasiyam hanggang ikalabindalawang baitang. Tatlumpu't dalawa (32) ang kabilang sa Filipino Language Lebel 1 at tatlumpu't tatlo (33) sa Filipino Language Lebel 2. Ang mga nasa Lebel 1 ay nagsisimula pa lamang sa pag-aaral ng Filipino at maaaring may kaunti o wala pang kaalaman sa wika, samantalang ang mga nasa Lebel 2 ay mayroon nang kaalaman sa Filipino na kailangan pang hasain at paunlarin. Ginamit ang *total population sampling* o population sampling, kung saan isinama bilang respondente ang lahat ng mag-aaral sa Filipino Language Lebel 1 at Lebel 2. Ayon kay Sugiyono (2014), ang *total population* ay isang teknik kung saan lahat ng miyembro ng populasyon ay kabilang sa pag-aaral. Inilarawan din sa artikulong nailimbag sa Laerd Dissertation ang *total population sampling technique* bilang isang uri ng *purposive sampling* na kinabibilangan ng buong populasyong nagtataglay ng mga partikular na katangiang kinakailangan sa pag-aaral.

C. Instrumento ng Pananaliksik

Talatanungan ang pangunahing instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos. Ang unang bahagi nito ay nakatuon sa demograpikong propayl ng mga respondente, kabilang ang edad, kasarian, mga babasahing materyal sa tahanan at wikang ginagamit sa mga ito, at nasyonalidad. Ang ikalawang bahagi ay binubuo ng mga pagsusulit sa tatlong pangunahing kasanayan sa pagbasa: pagbasa o pagbigkas ng mga salita, pagtukoy ng kahulugan ng salita, at pag-unawa sa binasang akda. Ginamit bilang pamantayan sa pagtataya ang "Pamantayan sa Malakas na Pagbasa at Komprehensiyon" na hinango at minodipika mula sa Philippine Informal Reading Inventory (PHIL IRI) ng Kagawaran ng Edukasyon. Ginamit ang mga pamantayan nito sa pagtataya ng oral na pagbasa, bokabularyo, at komprehensiyon. Ang instrumento ay ipinasuri sa mga *panel of oral examiners* ng President Ramon Magsaysay State University (PRMSU) upang matukoy ang *reliability* at *validity*. Nagsagawa rin ng *pilot test* sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na mga respondente at ginamit ang Cronbach's Alpha upang matukoy ang pagiging katanggap-tanggap ng instrumento.

D. Baryabol ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nakatuon sa mga baryabol na may kaugnayan sa antas ng kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino ng mga banyagang mag-aaral. Kabilang dito ang demograpikong propayl ng mga tagatugon batay sa edad, kasarian, pangkat o lebel, nasyonalidad, at mga babasahing materyal sa tahanan at wikang ginagamit sa mga ito. Sinuri rin ang antas ng kasanayan sa pagbasa sa Filipino batay sa tatlong pangunahing aspekto: pagbasa o pagbigkas ng mga salita, pagtukoy ng kahulugan ng salita, at pag-unawa sa binasang

akda. Kasama rin sa pagsusuri ang talatuntunang kahirapan (index difficulty) na nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Sinuri rin kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagbasa kapag pinangkat ang mga mag-aaral ayon sa kanilang demograpikong propayl, gayundin kung may makabuluhang pagkakaiba sa talatuntunang kahirapan. Ang mga resulta ng mga baryabol na ito ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng interbensyong materyal na naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga banyagang mag-aaral sa pagbasa ng wikang Filipino.

E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Matapos maihanda at mapagtibay ang talatanungan, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Tagapamanihala ng Jefferson High School at nagsumite ng halimbawa ng instrumentong gagamitin. Isinagawa ang unang yugto sa pamamagitan ng indibidwal na oral na pagbasa, kung saan minarkahan ang pagganap ng mga mag-aaral gamit ang inihandang rubriks. Sa ikalawang yugto, sinagutan ng mga respondente ang mga tanong na sumusukat sa kanilang kakayahang magbigay ng kahulugan sa salita at umunawa sa tekstong binasa. Pagkatapos ng pangangalap, inayos at inihanda ang mga datos para sa pagsusuri sa tulong at gabay ng isang eksperto sa istatistika.

F. Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang *frequency* upang matukoy ang bilang ng mga respondente at ang *percentage* o bahagdan upang mailarawan ang kanilang demograpikong propayl. Ginamit ang *weighted mean* upang ibuod ang mga tugon batay sa mga aytem o kategorya, samantalang ginamit ang Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga baryabol na nakasaad sa walang bisang pala-palagay. Sa pagtataya ng antas ng pagbasa, ginamit ang minodipikang pamantayan mula sa PHIL IRI para sa oral na pagbasa, bokabularyo, at komprehensiyon. Ang antas na **Malaya (Independent)** ay tumutukoy sa 97–100% sa oral reading at 80–100% sa vocabulary at comprehension; ang **Pampagkatuto (Instructional)** ay 90–96% sa oral reading at 59–79% sa vocabulary at comprehension; at ang **Pagkabigo (Frustrated)** ay 89% pababa sa oral reading at 58% pababa sa vocabulary at comprehension. Ginamit din ang 0.05 alpha level bilang batayan sa pagsusuri ng walang bisang pala-palagay.

G. Etikal ng Konsiderasyon

Bilang bahagi ng etikal na pagsasagawa ng pananaliksik, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Tagapamanihala ng Jefferson High School bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Kalakip ng liham-pahintulot ang halimbawa ng talatanungan upang mabigyan ang pamunuan ng sapat na kaalaman tungkol sa pamamaraan ng pagtataya at mga instrumentong gagamitin sa pag-aaral. Binigyang-pansin din ang pagiging maayos at mapagkakatiwalaan ng instrumento sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga *panel of oral examiners* ng President Ramon Magsaysay State University (PRMSU) para sa *reliability* at *validity*. Nagsagawa rin ng *pilot test* sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na mga tagatugon, at ginamit ang Cronbach's Alpha upang matukoy ang pagiging katanggap-tanggap ng instrumento bago ito gamitin sa pangunahing pangangalap ng datos.

RESULTA AT TALAKAYAN

A. Demograpikong Propayl ng mga Tagatugon

Edad at Kasarian

Sa 65 tagatugon, 38 o 58.46% ang nasa edad 14–15, 26 o 40% ang nasa edad 16–17, at isa o 1.54% ang nasa edad 18–19, na may mean na edad na 15.36. Batay sa kasarian, 37 o 56.92% ang babae at 28 o 43.08% ang lalaki, kaya mas marami ang babaeng kalahok sa pag-aaral. Batay sa kurikulum ng K-12 ayon sa Batas Republika blg. 10533 (2013), ang mga mag-aaral sa Junior High School ay karaniwang nasa edad 12 hanggang 16. Kaugnay naman ng kasarian, binanggit ng National Center for Education Statistics (2021) na mas marami ang mga babaeng nakapagtapos hanggang kolehiyo kaysa sa mga lalaki, na nagbibigay ng kaugnay na konteksto sa mas mataas na bilang ng babaeng tagatugon sa kasalukuyang pag-aaral.

Pangkat o Lebel at Nasyonalismo

Halos magkapantay ang distribusyon ayon sa lebel, kung saan 32 o 49.23% ang nasa Lebel 1 at 33 o 50.77% ang nasa Lebel 2. Sa nasyonalismo, 37 o 56.92% ang Filipino-American at 24 o 36.92% ang Filipino, samantalang tig-isa ang El Salvadorian, Filipino-Chinese, Jamaican, at Nicaraguan. Sa Artikulo ni Soika (2020), mahalaga ang gampanin ng pagbibigay ng differentiated instruction sa loob ng klase upang matugunan ang agarang pangangailangan ng bawat mag-aaral. Samantala, pinatutunayan lamang ito ni Hernandez (2016), sa kaniyang artikulo hinggil sa Filipino American college students at the margins of neoliberalism, na maraming Filipino-American ang kabilang sa populasyon ng mga mag-aaral sa Estados Unidos.

B. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa sa Wikang Filipino

Pagbasa o Pagbigkas ng mga Salita

Sa pagbasa o pagbigkas ng mga salita, 28 o 43.08% ang nasa antas ng pagkabigo (*frustrated*), 22 o 33.85% ang nasa antas na malaya (*independent*), at 15 o 23.08% ang nasa antas na pampagkatuto (*instructional*). Sa kabuuan, nakapagtala ng mean na 91.25, na tumutugma sa antas na pampagkatuto (*instructional*). Pinatutunayan ito ng pananaliksik nina Ancheta at Perez (2017), na nagsaad na ang mga mag-aaral mula sa ibang lahi ay nakararanas ng kahirapan sa paggamit ng Filipino dahil sa kakulangan sa kaalaman sa estruktura ng wika at kakulangan ng babasahing materyal sa Filipino. Sinuportahan naman ito ng pag-aaral nina, Adewuyi, Bernard, at Adewuyi (2017), na tumukoy sa mga suliranin sa semantika, ponolohiya, at gramatika sa pag-aaral ng banyagang wika.

Pagtukoy ng Kahulugan ng Salita

Sa pagtukoy ng kahulugan ng salita, 52 o 80% ang nasa antas na malaya (*independent*) at 13 o 20% ang nasa antas ng pagkabigo (*frustrated*), habang walang nasa antas na pampagkatuto. Ang mean na 88.72 ay nagpapakitang nasa antas na malaya ang pangkalahatang kasanayan ng mga tagatugon sa bahaging ito. Ayon sa artikulo ni Sally (2018), ilan sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay nahihirapan sa pag-aaral ng wikang Filipino dahil sa lalim ng ilang salita at mababang *reading comprehension*. Sa pag-aaral naman ni Salpocial (2023), ang pag-aaral ng wikang Filipino ay may

makabuluhang kauganayan sa pagtuturo, pagkontrol sa sarili, at gawi ng isang mag-aaral sa kaniyang pag-aaral.

Pag-unawa sa Binasang Akda

Sa pag-unawa sa binasang akda, 41 o 63.10% ang nasa antas na malaya (*independent*) at 24 o 36.90% ang nasa antas ng pagkabigo (*frustrated*), habang walang nasa antas na pampagkatuto. Ang mean na 82.31 ay nagpapakitang nasa antas na malaya ang pangkalahatang kakayahan sa pag-unawa sa binasang akda. Sa pananaliksik ni Irena Shehu (2015), isa sa kritikal na salik sa pag-aaral ng isa pang wika ang mababang reading comprehension. Sa pananaliksik nina Sari, Noermanzah, Chan, at Kusumaninsih (2020), iniugnay ang mababang komprehensiyon sa kahirapan sa pagtukoy ng konotatibo at denotatibong kahulugan, pag-unawa sa nilalaman ng akda, at kakulangan ng interes sa pagbabasa.

C. Talatuntunang Kahirapan sa Pagbasa

Nakamit ng pagbasa o pagbigkas ng salita ang index na 0.91, pagtukoy ng kahulugan ng salita ang 0.89, at pag-unawa sa binasang akda ang 0.81. Ang tatlong aspekto ay kapwa inilarawan bilang "Hindi Mahirap (Very Easy)," bagaman may mga indibidwal na mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo sa bawat kasanayan. Sa pag-aaral na isinagawa ni Angeles (2015), na pinamagatang "Connecting to my Roots": Filipino American Students' Language Experiences in the U.S. and in the Heritage Language Class," ipinakita na nakatutulong ang mga paaralan at unibersidad sa California sa pagpapataas ng kasanayan sa paggamit ng Filipino, kabilang ang pagbasa at pagbuo ng mga pangungusap.

D. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Kasanayan Ayon sa Propayl

Pagbasa o Pagbigkas ng mga Salita

Walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa o pagbigkas ng mga salita kapag pinangkat ayon sa edad (p = 0.40), kasarian (p = 0.07), at nasyonalismo (p = 0.53). Gayunman, may makabuluhang pagkakaiba ayon sa pangkat o lebel (p = 0.046).Sa pag-aaral na isinagawa nina Thoren, Heinig, at Brunner (2016), ipinakitang maaaring may impluwensiya ang edad sa akademikong literasi ngunit hindi tuwirang nakaaapekto sa pormal na pag-aaral. Sa isang pag-aaral ni Vlachos at Artemis (2015), lumabas na walang makabuluhang kaganapan ang kasarian sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Samantala, sa pag-aaaral na isinigawa ni Lu-Fang Lin (2010), may ilang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa magkakaibang lebel.

Pagtukoy ng Kahulugan ng Salita

Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtukoy ng kahulugan ng salita ayon sa edad (p = 0.10), ngunit may makabuluhang pagkakaiba ayon sa kasarian (p = 0.01), nasyonalismo (p = 0.02), at pangkat o lebel (p = 0.03). Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Awan at Azeem (2017), kung saan nagpakita ng mas positibong pagtugon sa pagbasa ang mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaki. Sinuportahan ito ng pag-aaral sa "Reading Comprehension Level Among Intermediate Learners," nina Miñoza at Montero (2019), kung saan mas mataas ang pagganap ng mga babaeng tagatugon. Kaugnay ng nasyonalismo, pinatutunayan ito ng isang pag-aaral na isinagawa ni Slate et.al (2016), na nagpakita ng pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa ayon sa lahi o etnisidad.

Pag-unawa sa Binasang Akda

Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa binasang akda kapag pinangkat ayon sa edad (p = 0.41), kasarian (p = 0.06), nasyonalismo (p = 0.20), at pangkat o lebel (p = 0.93). Patunay sa pag-aaral na "Gender Differences in Reading Comprehension Achievement," ni Anantasa (2016), may mga pagkakaiba sa pagganap sa pagbasa ayon sa kasarian sa kaniyang mga tagatugon. Sa pananaliksik nina Becirovic, Brdarevic-Celjo, at Dubravac (2018), napatunayan naman na walang makabuluhang pagkakaiba ang nasyonalidad sa akademikong pagganap sa pagbabasa.

E. Makabuluhang Pagkakaiba sa Talatuntunang Kahirapan Ayon sa Propayl

Pagbasa o Pagbigkas ng mga Salita

Sa talatuntunang kahirapan sa pagbasa o pagbigkas ng salita, walang makabuluhang pagkakaiba ayon sa edad (p = 0.20), kasarian (p = 0.43), at pangkat o lebel (p = 0.73), samantalang may makabuluhang pagkakaiba ayon sa nasyonalismo (p = 0.00). Isang patunay ang pag-aaral ni Kocaarslan (2017), na nagsaad na hindi matibay na salik ang kasarian sa oral na pagbasa. Sa pag-aaral na "The Effect of Nationality, Gender, and GPA on the Use of Reading Strategies Among EFL University Students" nina Bećirović et.al (2018), lumabas na may makabuluhang interaksyon ang nasyonalidad at *grade point average* sa paggamit ng estratehiya sa pagbasa. Samantala, ayon kay Barrett (2017), walang makabuluhang pagkakaiba sa mga pangkat na kaniyang sinuri.

Pagtukoy ng Kahulugan ng Salita

Sa kahirapan sa pagtukoy ng kahulugan ng salita, walang makabuluhang pagkakaiba ayon sa edad (p = 0.40), ngunit may makabuluhang pagkakaiba ayon sa kasarian (p = 0.00), nasyonalismo (p = 0.04), at pangkat o lebel (p = 0.02). Patunay sa pag-aaral ni Bush (2014), walang makabuluhang impak ang edad sa paglinang ng bokabularyo. Ang interes ng kababaihan sa pagbasa ay binigyang-diin din sa (Amri N., Fauzi, N., Zaid, N., & Mee, R., 2021), habang sinuportahan ito ni Anantasa (2016). Kaugnay ng nasyonalismo, ipinakita nina Rezaei at Manzari (2016) ang pagkakaiba sa mga estratehiya sa oral na komunikasyon ayon sa nasyonalidad. Samantala, ipinakita ni Schwartz (2016) na maaaring mag-iba ang pagganap batay sa pagpapangkat ayon sa antas ng kasanayan.

Pag-unawa sa Binasang Akda

Sa kahirapan sa pag-unawa sa binasang akda, walang makabuluhang pagkakaiba ayon sa edad (p = 0.41), nasyonalismo (p = 0.21), at pangkat o lebel (p = 0.73), ngunit may makabuluhang pagkakaiba ayon sa kasarian (p = 0.03). Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Awan at Azeem (2017), na nagpakita ng mas positibong interes sa pagbasa ng mga babaeng mag-aaral. Isang patunay rin ang pag-aaral na isinagawa ni Lu-Fang Lin (2010), na nag-ulat ng mas mataas na pagganap ng mga babae sa pag-unawa. Kaugnay naman ng pangkat at nasyonalismo, binanggit ang pag-aaral ni Barrett (2017) at ang pananaliksik nina Becirovic, Brdarevic-Celjo, at

Dubravac (2018), na kapwa nagbigay ng kaugnay na ebidensiya sa kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa ilang grupong kanilang sinuri.

F. Nabuong Strategic Intervention Material (SIM)

Batay sa mga resulta, nanatiling may 28 mag-aaral na nasa antas ng pagkabigo sa pagbasa o pagbigkas ng salita, 13 sa pagtukoy ng kahulugan ng salita, at 24 sa pag-unawa sa binasang akda. Dahil dito, bumuo ang mananaliksik ng Strategic Intervention Material (SIM) bilang sanayang materyal upang mapaunlad ang tatlong kasanayang ito. Ang materyal ay binubuo ng *guide card, activity card, enrichment card, assessment card,* at *answer card*. Sa pag-aaral ni Club (2014), ipinakitang nakatutulong ang remedial na pagbasa bilang kagamitang pang-interbensiyon. Gayundin, sa pag-aaral na "Paghahanda at Balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) Para sa Paglinang ng Kasanayansa Mapanuring Pagbasa (Development and Validation of Strategic Intervention Material (SIM) to Develop Critical Reading Skills) na isinagawa ni Aspillaga (2021), lumabas na ang nilalaman ng SIM ay tumugon sa mga kasanayang kailangang malinang at itinuring na akma at epektibong gamitin sa mga mag-aaral.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang karamihan sa 65 tagatugon ay nasa edad 14–15, higit na marami ang babae, halos magkapantay ang bilang ng Lebel 1 at Lebel 2, at nakararami ang Filipino-American. Sa pangkalahatan, ang kasanayan sa pagbasa o pagbigkas ng salita ay nasa antas na pampagkatuto (*instructional*), samantalang ang pagtukoy ng kahulugan ng salita at pag-unawa sa binasang akda ay nasa antas na malaya (*independent*); ang tatlong kasanayan ay may talatuntunang kahirapan na "Hindi Mahirap (Very Easy)." Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagbasa o pagbigkas ayon sa edad, kasarian, at nasyonalismo ngunit mayroon ayon sa lebel; sa pagtukoy ng kahulugan, walang makabuluhang pagkakaiba ayon sa edad ngunit mayroon ayon sa kasarian, nasyonalismo, at lebel; at sa pag-unawa sa binasang akda, walang makabuluhang pagkakaiba ayon sa lahat ng propayl na sinuri. Sa talatuntunang kahirapan, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa pagbasa o pagbigkas ayon sa nasyonalismo, sa pagtukoy ng kahulugan ayon sa kasarian, nasyonalismo, at lebel, at sa pag-unawa sa binasang akda ayon sa kasarian. Batay sa mga natukoy na pangangailangan, nabuo ang Strategic Intervention Material (SIM) upang mapaunlad ang pagbasa o pagbigkas, pagtukoy ng kahulugan, at pag-unawa sa binasang akda.

B. Rekomendasyon

Inirerekomenda ang paggamit ng nabuong Strategic Intervention Material (SIM), lalo na sa mga mag-aaral na may mababang antas ng kasanayan, kasabay ng palagiang pagbabasa ng mga materyal sa Filipino at araw-araw na pagsasanay sa pagbasa. Iminumungkahi rin ang pakikinig sa mga awiting Filipino, panonood ng mga palabas sa Filipino, at pagsasagawa ng remedial na klase para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta. Para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa banyagang bansa, maaaring palawakin ang mga gawaing oral na pagbasa sa pamamagitan ng dayalogo, pagbigkas ng tula, maikling dula-dulaan, masining na pagbasa, at pag-awit; gumamit ng mga interaktibong gawain tulad ng *cross-word puzzle* at *picto-meaning* sa pagpapakahulugan ng salita; at gumamit ng mga kolaboratibong teknik upang mapaunlad ang pag-unawa sa binasa. Inirerekomenda rin ang patuloy na pagbuo ng iba pang interbensyong materyal para sa higit na pagpapaunlad ng tatlong pangunahing kasanayan sa pagbasa.

Ang pag-aaral ay limitado sa 65 mag-aaral mula sa Jefferson High School, Mission St. Daly City, California, na kumukuha ng Filipino bilang *elective subject* at kabilang lamang sa Filipino Language Lebel 1 at Lebel 2. Nakatuon lamang ang pagtataya sa tatlong aspekto ng pagbasa—pagbasa o pagbigkas ng mga salita, pagtukoy ng kahulugan ng salita, at pag-unawa sa binasang akda—kaya ang mga natuklasan ay nakabatay sa partikular na populasyon, lugar, lebel, at mga kasanayang saklaw ng pananaliksik.

PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa Jefferson High School, Mission St. Daly City, California, sa pamunuan, mga guro, at iba pang indibidwal na nagbigay ng pahintulot, paggabay, at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng animnapu't limang (65) mag-aaral mula sa Filipino Language Lebel 1 at Lebel 2 na nagsilbing mga tagatugon sa pagtataya ng kanilang kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino. Ang kanilang pakikilahok ay naging pangunahing batayan sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa o pagbigkas ng salita, pagtukoy ng kahulugan ng salita, at pag-unawa sa binasang akda, gayundin sa pagbuo ng Strategic Intervention Material (SIM) na naglalayong higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa wikang Filipino.

SANGGUNIANG BANGGIT

Adewuyi, J. A., Bernard, A. O., & Adewuyi, R. A. (2015). Problems of learning foreign languages in colleges of education and universities in Nigeria: A comparative study of English and French languages. *International Journal of English Language Teaching, 3*(6), 1–8.

Afzal, N. (2019). A study on vocabulary-learning problems encountered by BA English majors at the university level of education. *Arab World English Journal, 10*(3), 81–98. DOI: 10.24093/awej/vol10no3.6.

Akyol, H., Çakıroğlu, A., & Kuruyer, H. G. (2014). A study on the development of reading skills of the students having difficulty in reading: Enrichment reading program. *International Electronic Journal of Elementary Education, 6*(2), 199–212.

Amri, N. A. A. A., Fauzi, N. F. M., Zaid, N. N. M., & Mee, R. W. M. (2021). Gender differences in academic reading attitudes among undergraduates. *Selangor Humaniora Review, 5*(2), 190–207.

Ancheta, J. R., & Perez, C. A. (2017). Language learning difficulties of selected foreign students in National University, Philippines. *International Journal of Research Studies in Language Learning, 6*(4), 65–76. DOI: 10.5861/ijrsll.2016.1603.

Anderson, R. C., & Pearson, P. D. (1984). *A schema-theoretic view of basic processes in reading comprehension* (Technical Report No. 306). University of Illinois at Urbana-Champaign, Center for the Study of Reading.

Angeles, B. C. (2015). *"Connecting to my roots": Filipino American students' language experiences in the U.S. and in the heritage*

language class [Master's thesis, University of California, Los Angeles].

Aspillaga, E. D. (2021). Paghahanda at balidasyon ng Strategic Intervention Material (SIM) para sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pagbasa [Development and validation of Strategic Intervention Material (SIM) to develop critical reading skills]. *The ASTR Research Journal, 5*(1).

Asgari, S., & Nunes, J. M. B. (2011). Experimental and quasi-experimental research in information systems. In *Proceedings of the IADIS International Workshop Information Systems Research Trends: Approaches and Methodologies (ISRTAM 2011)*.

Awan, A. G., & Azeem, M. S. (2017). Gender differences and its impact on students' performance: A socio-linguistic analysis. *Global Journal of Management, Social Sciences and Humanities, 3*(2), 352–372.

Barrett, K. (2017). *The effect of homogeneous versus heterogeneous reading achievement groups on 4th graders' reading comprehension* [Master's thesis, Goucher College].

Bartolome, R. B. (2021). *Kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Senior High School sa Distrito ng Jones at San Agustin [Reading skills of Senior High School students in Jones and San Agustin districts].* DOI: 10.13140/RG.2.2.15427.37926.

Bećirović, S., Brdarević-Čeljo, A., & Dubravac, V. (2018). The effect of nationality, gender, and GPA on the use of reading strategies among EFL university students. *SAGE Open, 8*(4). DOI: 10.1177/2158244018809286.

Bhandari, P. (2023). *What is quantitative research? Definition, uses & methods.* Scribbr.

Bonitez, A. G. (2021). Effectiveness of science strategic intervention material in elevating the performance level of Grade Seven students. *International Journal of Advanced Research in Education and Society, 3*(2), 18–31.

Bush, J. C. (2014). The effects of the age of onset on vocabulary acquisition in the second language. *Sustainable Multilingualism, 5*, 237–251. DOI: 10.7220/2335-2027.5.9.

Canga Alonso, A. (2013). Receptive vocabulary size of secondary Spanish EFL learners. *Revista de Lingüística y Lenguas Aplicadas, 8*, 66–75. DOI: 10.4995/rlyla.2013.1180.

Club, L. S. (2014). *Balidasyon ng kagamitang pang-interbensyon sa pagbasa para sa Baitang 9 sa Ika-6 na Distrito ng Maynila* [Master's thesis, Polytechnic University of the Philippines].

Comoda, A. J. J. (2016). *Ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Pangangalakal sa Bukidnon State University sa pag-aaral ng mga matatalinghagang salita* [Undergraduate research paper, Bukidnon State University].

De Guzman, C. Q. (2019). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pagsasanay sa pag-unawa sa binasa. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3*(2F).

Department of Education. (2012). *Policy guidelines on addressing learning gaps and implementing a reading and writing program in secondary schools effective school year (SY) 2012–2013* (DepEd Order No. 39, s. 2012).

Department of Education. (2018). *The Philippine Informal Reading Inventory manual 2018.*

Fauzan, J. (2016). Gender differences in reading comprehension achievement: A case study at IAIN Syekh Nurjati Cirebon. *ELT Echo: The Journal of English Language Teaching in Foreign Language Context, 1*(1).

Flesch, R. (1955). *Why Johnny can't read—and what you can do about it.* Harper & Brothers.

Gedik, O., & Akyol, H. (2022). Reading difficulty and development of fluent reading skills: An action research. *International Journal of Progressive Education, 18*(1), 22–41. DOI: 10.29329/ijpe.2022.426.2.

Goodman, K. S. (1967). Reading: A psycholinguistic guessing game. *Journal of the Reading Specialist, 6*(4), 126–135. DOI: 10.1080/19388076709556976.

Goodman, K. S. (1986). *What's whole in whole language?* Heinemann.

Hernandez, X. J. (2016). Filipino American college students at the margins of neoliberalism. *Policy Futures in Education, 14*(3), 327–344. DOI: 10.1177/1478210316631870.

Kocaarslan, M. (2017). A research about oral reading fluency of first grade students: Text type and gender factor. *Journal of Education and Practice, 8*(23), 40–51.

Laerd Dissertation. (2012). *Total population sampling.*

Lin, L.-F. (2010). Senior high school students' reading comprehension of graded readers. *Journal of Language Teaching and Research, 1*(1), 20–28. DOI: 10.4304/jltr.1.1.20-28.

McCormick, T. W. (1988). *Theories of reading in dialogue: An interdisciplinary study.* University Press of America.

Miñoza, M. V., & Montero, M. A. (2019). Reading comprehension level among intermediate learners. *Science International (Lahore), 31*(3), 561–568.

Nunan, D. (1991). *Language teaching methodology: A textbook for teachers.* Prentice Hall.

Pace, E. (1986, October 7). Dr. Rudolf Flesch, 75, authority on literacy. *The New York Times.*

Perez, H. R. (2019). *Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 sa pamamagitan ng estratehyang sama-samang pagkatuto* [Action research]. Department of Education.

Quintino, H. E., & Abagon, B. S. (2021). Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5*(6), 463–472.

Rasouli, F., & Ahmadi, O. (2021). The motivational impact of enhancing reading comprehension through pictorial fictions on the involvement of Iranian EFL students in writing activities. *Cihan University-Erbil Journal of Humanities and Social Sciences, 5*(1), 82–87. DOI: 10.24086/cuejhss.v5n1y2021.pp82-87.

Republic Act No. 10533. (2013). *Enhanced Basic Education Act of 2013.* Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Rezaei, M., & Manzari, E. (2016). Does nationality matter? Use of oral communication strategies in the interlanguage production of international students. In *Proceedings of the 14th International TELLSI Conference 2016* (pp. 1–25).

Sally. (2018, November 16). DepEd admits students "struggle" with learning Filipino, Panitikan under K–12. *The Summit Express.*

Salpocial, L. M. L., & Palma, R. C. (2023). Effective teaching of teachers, self-regulation, and study habits among students: Structural equation model on learning of Filipino. *Asian Journal of Education and Social Studies, 39*(3), 1–14. DOI: 10.9734/ajess/2023/v39i3845.

Salviejo, E. I., Aranes, F. Q., & Espinosa, A. A. (2014). Strategic intervention material-based instruction, learning approach and students' performance in chemistry. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 2*(1), 91–123. DOI: 10.26803/ijlter.2.1.5.

Sanchez, M. (2017). *Pagbasang may pag-unawa o reading comprehension.* Udyong.

Sari, M. H., Susetyo, Noermanzah, Wardhana, D. E. C., & Kusumaningsih, D. (2020). Understanding the level of students' reading comprehension ability. *Universal Journal of Educational Research, 8*(5), 1848–1855. DOI: 10.13189/ujer.2020.080521.

Schwartz, C. R. (2016). *Ability and performance comparisons of gifted students in homogeneous and heterogeneous settings* [Doctoral dissertation, Walden University]. Walden Dissertations and Doctoral Studies.

Shehu, I. (2015). Reading comprehension problems encountered by foreign language students, case study: Albania, Croatia. *Academic Journal of Interdisciplinary Studies, 4*(1S1), 91–96. DOI: 10.5901/mjss.2015.v4n1s1p91.

Slate, J. R., Martinez-Garcia, C., & Moore, G. W. (2016). Differences in reading skills by ethnicity/race for Texas high school students: A statewide, multiyear examination. *Global Journal of Human-Social Science.*

Soika, B. (2020). *How to address a wide range of skills and abilities in your classroom.* USC Rossier School of Education.

Sugiyono. (2014). *Metode penelitian pendidikan: Pendekatan kuantitatif, kualitatif, dan R&D.* Alfabeta.

Thoren, K., Heinig, E., & Brunner, M. (2016). Relative age effects in mathematics and reading: Investigating the generalizability across students, time and classes. *Frontiers in Psychology, 7*, Article 679. DOI: 10.3389/fpsyg.2016.00679.

Tolentino, A. (2019). MS-TaLA (Matalinhagang Salita–Talasalitaan Linangin Araw-araw) sa pagpapaunlad ng kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Cavite National Science High School 2016–2017. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3*(2N).

Torneros, J. A. (n.d.). *Ang proseso ng pagbasa.* Academia.edu.

Vlachos, F., & Papadimitriou, A. (2015). Effect of age and gender on children's reading performance: The possible neural underpinnings. *Cogent Psychology, 2*(1), Article 1045224. DOI: 10.1080/23311908.2015.1045224.

Yabyabin, I. J. (2013). *Kahulugan ng pagbasa* [PowerPoint slides]. SlideShare.

.